# TESTIMONYA MULA SA GURO

*Regional Search for Ten Outstanding 4Ps Bicolano Youth 2024*

Magandang araw po!

Si Maria Rachel Marbella, Grade 12 ng San Lorenzo Academy, Incorporated, na aking mag-aaral ay nag-aapply para sa RST4OBY 2024. Bilang guro ni Maria Rachel, nais po namin kayong hingan ng testimonya tungkol sa kanyang kagalingan at pag-uugali upang mas makilala sila at matulungan ang Kagawaran sa pagpili ng karapat-dapat na nominado.

| | |
|---|---|
| Rehiyon | V |
| Probinsya | ALBAY |
| Lungsod / Bayan | PIODURAN |
| Barangay | CARATAGAN |

Inaasahan po namin ang inyong matapat at detalyadong pagsasalaysay. Maraming salamat po.

Si Maria Rachel Marbela ay isang matalino at masipag na bata. Sa kabila ng pagkakaroon ng madaming gawain, napapanatili at nababalanse niya ang lahat ng asignatura. Magaling ang batang ito pero hindi ko siya kailanman natitaan ng pagmamataas. Tunay na mapagkumbaba. Maaasahan sa lahat ng gawain at ibinibigay agad sa akin ang kanyang mga isinulat na artikulo upang ipawasto. Sa tuwing iwinawasto ko ang kanyang ginawa, positibo pa rin ang kanyang tugon. Marunong tumanggap ng pagkakamali. Patungkol naman sa kanyang husay, hindi talaga ito matatawaran. Napakagaling. Siya ay nagwagi sa Feature Writing, Filipino category bilang 4th Places sa Cluster C Press conference sa Oas Polytechnic High School at Oas North central school. Pagkatapos ng tagumpay na ito siya ay lumaban muli sa Division Schools Press Conference sa Camalig National High School. Nabibilang siya sa mga kwalipikadong lumaban para irepresenta ang paaralang San Lorenzo Academy, Incorporated. Nakahahanga ang galing ng batang ito dahil napanatili niya rin ang magagandang marka sa mga asignatura habang nasa organisasyon



Edit with WPS Office

ko siya bilang manunulat. Napatunayan niya ito
dahil siya rin ay napabilang sa with Highest
Honors. Hindi na ako magdududa na malaki ang
maaabot na mga opurtunidad ni Rachel dahil sa
kanyang angking galing at husay. Ang kanyang
determinasyon sa buhay ay katangi-tangi.
Natatangi ang pakikisalamuha niya sa kaniyang
mga kapwa-mag-aaral higit lalo na sa aming
organisasyon dahil ito ay binubuo ng iba't ibang
baitang at seksyon. Natutunan niya ang kanyang
mga kasamahan kapag kinakailangan. Hindi
siya nagdadalawang-isip na ibahagi ang
kanyang kaalaman. Nakatutuwa ang batang ito
dahil hindi siya mahirap turuan, bukas siya
sa mga pagbabago o inobasyon kung kaya't
nakukuha niya agad ang mga itinuturo. Napakagalang
at marespeto pa rin siya kahit magaling siyang bata.
Naaalala ko noong una ay sobra pa siyang
mahiyain ngunit noong natuto siyang magsulat ay
nailalabas na niya ang kanyang mga saloobin o
hinaing, mas maipahihiwatig niya ang kanyang
mga kaalaman at mas nakilala ang sarili maging
ang tumulong sa kanyang kapwa. Kahanga-hanga
ang galing at pag-uugali ni Rachel.

*Maaaring gumamit ng karagdagang papel, kung kinakailangan

**Pangalan at Lagda** MS. HONILYN N. RECUYO
**Address** PALAPAS, PIODURAN ALBAY
**Contact Number** 09942247678
**Petsa** May 28, 2025

Edit with WPS Office